

Rolando S. Tinio, winner of the 1967 TOYM (Ten Outstanding Young Men) award in the field of drama, the *Maynila Patnubay* ng Kalinangan Award and the 1972 Palanca Award for his book of Tagalog poems "Sitsit sa Kuliglig," has translated several foreign plays and some Western poetry into Filipino. Following are his translations of three of Yevgeny Yevtushenko's poems — *Incantations, Stolen Apples and People*:

PANAWAGAN

*Isaisip mo ako gabi-gabi sa tagsibol,  
Isaisip mo ako gabi-gabi sa tag-araw.  
Isaisip mo ako gabi-gabi sa taglagas,  
Isaisip mo ako gabi-gabi sa taglamig.  
Wala man ako roon kung saan naglalakbay,  
malayo sa tabi mo, wari'y nangibang-bayan,  
inat ang sarili sa kumot na malamig,  
bayaang lumutang ka, animo'y nasa dagat,  
napapadalang lubos sa malambot na alon,  
sa akin, ang dagat mo, sa iyong pag-isa.*

*Ibig kong ang isip mo'y malaya buong araw.  
Bayaan mong ang lahat ay manggabaligtaran,  
marungisan ng aso, pagbahaan ng alak,  
mulibang ang isip mo hanggang mawala ako.  
Oo nga, isipin mo kahit ano kung araw,  
Nguni't sa gabi — ako ay tanging ako lamang.*

*Sa kabila ng tili ng bumubusinang træn,  
sa kabila ng hangng gumusotay sa ulap,  
makinig ka sa akin, sa awa mo: at habag:  
ihayag mong muli, sa makitid na silid,  
ang matang halos-pikit sa pighati at lugod,  
noo'y dinirinan hanggang iyo'y manghapdi.*

*Nagsusumamo ako — pag sukudalang tahimik,  
o kapag tumititik sa bubong mo ang ulan,  
o kumikislap-kislap sa bintana ang niyebe,  
at nakahimlay ka man ay di pa nauitlip,  
isaisip mo ako gabi-gabi sa tagsibol,  
isaisip mo ako gabi-gabi sa tag-araw,  
isaisip mo ako gabi-gabi sa taglagas,  
isaisip mo ako gabi-gabi sa taglamig.*

NAKAW NA MANSANAS

*Gumigiray sa bagyo lahat ng mga bakod:  
bigla kaming pumuslit sa aninong makiro,  
tulad ng mga batang damit ay nag-iinit,  
sa hakot na mansanas na kanilang naismit.*

*At ang mga mansanas ay ibig sumambulat:  
kay laking eskandalo kapag iyong kinugot,  
Nguni't kaming dalawa nama'y nagmamahalan,  
at ang mga bagay na iyan ang tanging katubusan.*

*Habang ikinukubli ang kambal na kriminal  
sa isang sanlibutang panay along masukal,  
bumulong iyong isalet na maginhawa't kulob,  
'Huwag matakot umibig. . . sige at huwag matakot.*

*At mula sa retratong di halos maaning  
sa taas ng apuyang dumilim-lumiwanag,  
ang may-ari na dating purbolista'y nag-udyok,  
'Dapat kayong mangahas. . . pikit-matang lumusob.*

*Kaya't paikot-ikot at papili-pilipit,  
nakahulagpos kami sa lahat ng balakid,  
nakalusot sa huling guwardiyang nakalingat,  
naitaob ang bola, ang lambat ay nahiklat.*

*Namahinga sandali. Sa itaas, kumislap  
ang mga alikabok; para kaming nangarap:  
nangangatal sa isang kampong di-nakikita,  
mga munting sapatos ng mga purbolista.*

ANG MGA TAO

*Walang mga taong hindi kawiliwili.  
Parang kasaysayan ng mga planeta ang kapalaran nila.*

*Walang hindi bukod-rangi sa kanila,  
at planeta at planeta'y walang pagkakawangki.*

*At kung tao'y mabuhay nang malayo sa marami,  
nakikipagkaibigan lang sa sariling lipunan,  
pagkakalinggid niya'y kawiliwili pa rin.*

*Bawa't tao'y may sariling daigdig,  
at sa daigdig na iyon, may isang dakilang sandali.*

*At sa daigdig na iyon, may isang trahikong sandali.  
Sariling-sarili ang mga ito.*

*Sa bawat mamatay, kasamang namamatay  
ang una niyang niyebe at halik at pakikipaglalan.  
Kasama niyang pumapanaw.*

*Ang mga libro at mga tulav  
at pinintang retrato at makinarya:*

*Kapalaran nila ang maiwanan,  
Ngunit ang pumanaw ay di bale wala lamang.*

*Sang-ayon sa mga patakaran, may kung-anong naglalaho.  
Hindi tao ang namamatay,  
kundi ang daigdig na kanilang nilalaman.*

*Ang nakilala nating may kakulangan, bilang anak ng lupa.  
Na kung tutuusin, ano nga ba ang nakilala?*

*Kapatid ng isang kapatid? Kaibigan ng mga kaibigan?  
Mangingibig ng mangingibig?*

*Tayong nakakilala sa ating mga ama  
sa lahat ng bagay, sa walang kahit anumang.*

*Nagsasawa sila. Hindi na na panunumbalik.  
Ang mga lihim na daigdig ay hindi mapananauli.*

*At sa tuwi-tuwina, sa muli at muli,  
Mga pagkawala'y aking dinadalarnhati.*

*'Tira,' giit ng bawat butil ng alikabok,  
'Tira,' basta't pagtira'y inyong isasalob.  
Di ba't kung tutuusin, ang mabigat na bilog  
ng mundo'y tulad lamang namin na isang tuldok?'*

*Temira kaming muli; muli kaming sumipa  
Malaking kagagahan ang lahat, marahil nga,  
nguni't kaming dalawa nama'y nag-ibigan  
at pagkasarap-sarap ng aming pukiramdam.*

*Naglango sa sariling kaatu-atungal,  
dagat ay may malalim na tila inusul,  
ngunit sa iyong noo, bigla na lang sumulpok  
ang gimintuang isda ng pinutol mong buhok.*

*at hindi ko naalamang inalintana muna  
na minsang humupa na ang bagyong binababa,  
kagila-gilalas nuan ang aking kautilan,  
kasabay di ng alon akong nupapatimbuwag.*

*E no kung ngalan ko'y siran ng siran:  
ang pag-ibig ay hindi para sa walang-laban.  
Ang bango ng pag-ibig ay iyong halimuyak  
ng mansanas na hindi bili kundì kinawat.*

*Bayaang magsisigaw ang mamang nagbantay,  
basta't sitsit ng dagat ay umaalimbukay,  
at nauunan ko ang ulo sa pagitan  
ng dalawang mansanas na maalat at nakaw.*